# ANG MGA PALATANDAAN NG DIYOS (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang Quran ay ang pinakadakilang himala ng Diyos at ipinadala kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) na siyang huling Propeta para sa lahat ng sangkatauhan. Bahagi 1: Ang ilan sa mga uri ng mga palatandaan ng Diyos sa Quran.

**Ni:** IslamReligion.com

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 14 Jul 2019



Gusto ng Diyos ng patnubay para sa sangkatauhan, at upang ipakita ang tamang landas nagpadala Siya ng mga libro at rebelasyon. Halimbawa, ipinadala Niya ang "Suhof" kay Abraham, ang Torah kay Moises, ang Mga Awit kay David at ang Ebanghelyo kay Jesus, ang anak ni Maria; at ang panghuli, ipinadala Niya ang Quran kay Propeta Muhammad, nawa ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanilang lahat. Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala), ay ang huling propeta ng Diyos na ipinadala sa sangkatauhan hanggang sa katapusan ng mundo. Si propeta Muhammad (sumakanya nawa ang awa at pagpapala) ay nagsabi, **"Ang bawat propeta ay ipinadala lamang sa kanilang nasyon, ngunit ako ay ipinadala sa sangkatauhan."**[1]

Ang Quran ay salita ng Diyos at walang ibang aklat sa mundong ito na napakahalagang basahin. **"Ito [ang Quran] ay liwanag mula sa inyong Panginoon, at patnubay at habag para sa mga taong naniniwala." (Quran 7:203)**. Binanggit sa Quran na ang sangkatauhan ay pakikitaan ng "mga palatandaan" patungo sa Kanya. Sa katunayan, ang isinalin na salitang "mga palatandaan" ay napakalaki ng kahalagahan sa Quran na binanggit nang higit sa 150 beses, at sa bawat sandali ito ay tumutukoy sa mga palatandaan ng Diyos. Nilagyan ng Diyos ang tao ng katalinuhan upang makita natin, masuri, mapagtibay, at pagkatapos ay gawin ang Kanyang mga palatandaan. Bilang karagdagan sa ating angking talino, ang bawat tao ay ipinanganak na may dalisay at likas na pagkilala na ang Diyos ay ang ating Panginoon at Siya ay Nag-iisa.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga uri ng mga palatandaan na binanggit sa Quran:

## 1) Ang konsiyensya ng tao

Sinabi ng Diyos na magpapakita Siya sa atin ng malinaw na mga palatandaan sa ating mga sarili at Siya ay papasok sa pagitan natin at ng ating mga puso.

***"Aming ipakikita sa kanila ang Aming mga ayaat [mga tanda] sa buong [abot-tanaw ng mga alapaap o] santinakpan, at sa kanilang mga sarili, hanggang maging malinaw sa kanila na ito ang katotohanan (Islam). Hindi pa ba sapat na ang iyong Panginoon ang Siyang Saksi hinggil sa lahat ng bagay?…" (Quran 41:53)***

***"O, kayong mga naniwala, tumugon kayo sa Diyos [sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya] at [sa Kanyang] Sugo kapag siya ay nanawagan sa inyo sa anumang maghahatid sa inyo ng buhay, at dapat ninyong malaman na ang Diyos ay [Makapangyarihan] namamagitan sa tao at sa kanyang puso, at katotohanan, sa Kanya ang inyong pagtitipon]." (Quran 8:24)***

Paano kaya ang Diyos papagitna sa tao at sa kanyang puso? Halimbawa, kung ang isa ay nasa bingit ng paggawa ng isang nakakapinsalang gawain o isang malaking kasalanan ay bigla nalang magkakaroon ng labis na mabigat na pakiramdam ng pagka-konsensya sa puso ng taong iyon. Ang gayong pakiramdam ay isang babala na ang paggawa ng kasalanan na iyon ay ikagagalit ng Diyos.

## 2) Ilang mga pangyayari

Ang isang itim na pusa na dumaan sa isang bahay o ibon na lumapag sa isang hardin ay hindi nangangahulugan ng anupaman, at ang mga pusa at ibon ay simpleng mga nilalang na nagpapatuloy ng kanilang buhay ayon sa nais nila; hindi sila nagdadala ng mabuti o masamang kapalaran. Ang pamahiin ay walang iba kundi isang mapanlinlang na pakiramdam; sa katotohanan hindi ito umiiral. Gayunpaman, ang ilang mga kaganapan/pangyayari ay may kahulugan, tulad ng nabanggit sa Quran matapos mapatay ni Cain, ang anak ni Adan, ang kanyang kapatid na si Abel. **"Pagkaraan, ang Allah ay nagpadala ng isang uwak na kinakahig nito [libingan] ang lupa [para sa patay na uwak] upang maipakita sa kanya kung paano niya maitatago ang patay na katawan ng kanyang kapatid. Siya [ang nakapatay] ay nagsabing: 'Kasawian sa akin! Diko manlang nagawa ang gaya ng ginawa nitong uwak at itago ang patay na katawan ng aking kapatid?' Pagkaraan, siya ay nagsisi." (Quran 5:31)** Naintindihan ni Cain na hindi ito isang pagkakataon lamang na habang ang katawan ng kanyang pinatay na kapatid ay nakalagay sa harap niya ay isang uwak ang lumitaw at nagsimulang maghukay ng lupa sa ilalim ng mga paa nito.

Gayundin, Noong hindi pinansin ng Paraon ang panawagan ni Propeta Moises patungkol sa Diyos at tumanggi na palayain ang mga Israelita, ipinadala ng Diyos kay Paraon at sa kanyang mga tao ang mga palatandaan (sa kabuuan ay may siyam na mga palatandaan). Kasama sa mga palatandaang ito ang mga balang na halos ganap na kinain ang lahat ng mga pananim sa lugar, kuto, mga palaka na walang kasing dami sa bilang, at patuloy na pagdurugo ng mga ilong; at sa halip na isipin na ito'y galing sa Diyos bilang mga palatandaan upang maniwala sa Diyos at pakawalan ang mga Israelita, si Paraon ay umiral ang pagiging mapamahiin at sinabi na ang mga ito ay ginawa ni Moises, ang "salamangkero". **"Kaya Aming ipinadala sa kanila: ang baha, ang mga balang, at mga kuto, at mga palaka, at dugo bilang mga malilinaw na palatandaan, subali’t sila ay nanatiling mapagmalaki [matigas ang kalooban], at**

**sila yaong mga taong mapaggawa ng kabuktutan." (Quran 7: 133)**

## 3) Nasirang mga tao at sibilisasyon

Sa panahon ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay Alam na Alam na mayroong mga nakaraang sibilisasyon na winasak ang Diyos (matapos silang hindi maniwala sa ipinadalang mga Propeta sa kanila) sa pamamagitan ng "Inang kalikasan." Ang nasabing mga sibilisasyon ay ang mga mamamayan ng Aad, Thamud at Lot. **"At katiyakan, Aming winasak ang alinmang bayang nakapaligid sa inyo, at Aming pinag-ibayo ang mga ayaat [tanda o aral] upang sakali sila ay magsibalik [sa tamang landas]."(Quran 46:27).**

Ang mga labi ng nawasak sa nasabing mga sibilisasyon ay nakikita pa rin at napanatili para sa mga manlalakbay sa panahon ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala). Matapos ang pagwasak kay Paraon sa panahon ni Propeta Moises, niloob ng Diyos na ang buong sibilisasyon (na tumanggi sa mensaheng ipinadala sa kanila ng Propeta) ay hindi masira sa buhay na ito; sa halip ay hahatulan sila sa susunod na buhay. Gayunpaman, hindi na kailangang tumingin pa sa malayo upang makita ang mga palatandaan ng kaparusahan tulad ng nawasak na lungsod ng Pompeii, isang lungsod na kilala sa hayag na mga kasalanan at sodomiya. **"Kaya, bawa’t isa [sa kanila] ay Aming hinablot sanhi ng kanilang mga kasalanan. At kasama sa lipon nila ay yaong Aming mga pinadalhan ng isang unos na may dalang mga bato; ilan sa kanila ay inabutan [o dinatnan] ng malakas na pagsabog, ang ilan ay pinangyari Naming lamunin ng lupa, at ilan ay Aming nilunod. At hindi ang Diyos ang nagpalungi sa kanila, bagkus, sila ang gumawa ng kamalian sa kanilang mga sarili." (Quran 29:40)**

Dapat nating lubusang mabatid na ang mga lindol, bulkan, bagyo, mga tag-tuyot at iba pang mga gawa ng kalikasan ay hindi nagkakataon lamang, gayunpaman, ang parusa ng Diyos sa mga taong hindi naniniwala at mayroong labis na kasalanan (at hindi nagsisisi) ay malinaw ding mga palatandaan para sa mga tao na maniwala sa Kanya at tumugon sa Kanyang panawagan. **"At ang mga kalamidad ay di titigil sa pagsalanta sa mga di nananampalataya o tatama malapit sa kanilang mga tahanan dahil sa kanilang mga pagkakamali, hanggang ang pangako ng Allah ay matupad. Katotohanang Ang Allah ay di nakakalimot ng Kanyang pangako." (Quran 13:31)** Sa kabaliktaran, kung naniniwala ang lahat ng tao sa Diyos at sa lahat ng Kanyang mga Propeta marahil ay walang mga likas na sakuna, bagkus mas maraming pagpapala ang darating sa anyo ng sapat na pag-ulan, mga prutas, mga gulay at mga pananim. **"At kung ang mga mamamayan ng mga bayan ay naniwala lamang at nagkaroon ng takot sa Diyos, katiyakan, Aming [Diyos], bubuksan para sa kanila ang mga pagpapala mula sa langit at lupa." (Quran 7:96)**

---

Talababa:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/index.php/tl/articles/11341/ang-mga-palatandaan-ng-diyos-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.